



Republic of the Philippines
Province of Oriental Mindoro
MUNICIPALITY OF ROXAS

OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG IKALAWANG ESPESYAL NA PAGPUPULONG NG SANGGUNIANG BAYAN NG ROXAS, SILANGANG MINDORO NA GINANAP NOONG 14 HUNYO 2007, IKA - 10:00 NG UMAGA SA BULWAGANG PULUNGAN NG SANGGUNTAN.

Mga Dumalo:

Vice Mayor Cesar T. Baticos - Tagapangulo
Konsehal Agustin L. Cusi
Konsehal Eduardo K. Soriano
Konsehal Mae Arlene M. Talens
Konsehal Juan S. Advincula
Konsehal Jovito D. Estrada
Konsehal King Philip B. Dimapilis - Pangulo, Pambayang Pederasyon
ng Sangguniang Kabataan

Hindi Nakadalo:

Konsehal Juanito A. Bacay, Jr
Konsehal Hernan C. Erorita
Konsehal Gemar C. Montesa
Konsehal Larry V. Salazar - Pangulo, Liga ng mga Barangay

KAPASYAHAN BLG. 026
Taong 2007

KAPASYAHANG NAGPAPAABOT NG TAUSPUSONG PAKIKIRAMAY AT PAKIKIDALAMHATI KINA GNG. MERCEDITA B. VILLALOBOS AT GNG. TITA B. GALICIA AT MGA KAAKAPAL SA PAGPANAW NG KANILANG MINAMAHAL NA AMA, G. TEOFILO REYES BAUTISTA, SR.

- SAPAGKA'T, ang pagpanaw ng isang taong labis na pinagpipitaganan at minamahal lalo pa't ito ay ang haligi ng isang tahanan ay malabis na dinaramdam at ipinamimighati ng kanyang mga naiwan;
- SAPAGKA'T, ang pumanaw na ama nina Gng. Mercedita B. Villalobos at Gng. Tita B. Galicia ay isang ulirang ama at asawa na sa buong panahon ng kanyang buhay ay binuo ang isang pamilyang nabubuklod sa pagkakaisa at pagmamahal sa isa't isa;
- SAPAGKA'T, sa kanyang pamamatnubay naimulat niya ang pamilya sa mga magagandang pagpapahalaga at pananaw tungo sa isang payapa at magandang buhay;
- SAPAGKA'T, si G. Teofilo R. Bautista, Sr. ay nag-alay ng kanyang paglilingkod hindi lamang sa kanyang mag-anak gayundin sa kanyang bayan na pinaglingkuran niya bilang beterano ng ikalawang digmaang pandaigdig;

SAPAGKAT, bagama't siya ay kinuha na ng Poong Maykapal, ang kanyang mga magagandang alaala at mga kabutihan sa kapwa ay mananatiling nakaukit sa puso at kaisipan ng kanyang mga naiwan, lalo't higit sa kanyang pamilya;

SAPAGKAT, pinagkaisahan ng Sangguniang Bayan ng bayang ito na ipaabot ang kanilang tauspusong pakikiramay at pakikidalamhati sa pamilya ni G. Teofilo R. Bautista, Sr. sa pamamagitan ng kanyang mga anak, Gng. Mercedita B. Villalobos at Gng. Tita B. Galicia na isang kapamilya sa Pamahalaang Bayan ng Roxas, Silangang Mindoro -

DAHIL DITO sa mungkahi ni Konsehal Mae Arlene M. Talens na sinaug-ayunan ng lahat -

IPINASYA, tulad ng pagpapasyang ito na ipaabot ang tauspusong pakikiramay at pakikidalamhati ng Sangguniang Bayan at ng pamunuan at mga kawani ng Pamahalaang Bayan ng Roxas, Silangang Mindoro kina Gng. Mercedita B. Villalobos at Gng. Tita B. Galicia at mga kaanak sa pagpanaw ng kanilang minamahal na ama, G. Teofilo R. Bautista, Sr.

IPINASYA RIN na ipadala ang sipi ng kapasyahang ito sa pamilya ng namayapang G. Teofilo Reyes Bautista, Sr. sa pamamagitan nina Gng. Mercedita B. Villalobos at Gng. Tita B. Galicia lakip ang tauspusong pakikiramay at pakikidalamhati.


Pinagtibay ng lahat: 14 Hunyo 2007

PINATUTUNAYANG WASTO:




FERDINAND V. TALENS, MPA
Kalihim ng Sangguniang Bayan

PINATITIBAYAN:



CESAR T. BATICOS
Pangalawang Punong Bayan/
Tagapangulo

PINAGTIBAY:



JESUS M. DIMAPILIS
Punong Bayan